DepEd ADVISORY No. **380**, s. 2012
In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
**August 1, 2012**

HASAAN 3: PAMBANSANG KOMPERENSIYA SA PAGPAPAIGTING NG KADALUBHASAAN SA WIKA, PANITIKAN, AT TEKNOLOHIYA

Ang Departamento ng Filipino ng Unibersidad ng Santo Tomas (UST) ay magsasagawa ng Pambansang Komperensiya sa Filipino na pinamagatang *"HASAAN 3: Pambansang Komperensiya sa Pagpapaigting ng Kadalubhasaan sa Wika, Panitikan, at Teknolohiya"* na may temang *"Ang Filipino sa Nagbabagong Kalakaran: Pagkinis at Paghugis Tungo sa Pagpapanibagong-bihis"* na gaganapin sa Oktubre 23-25, 2012 sa AMV College of Accountancy Multipurpose Hall.

Layunin ng Pambansang Komperensiya na:

1. mapataas ang kaalaman at kasanayan ng mga delegado sa wika, panitikan, kultura, midya, at teknolohiya at mapanatili ang matibay na ugnayang interdisiplinari ng mga ito para sa mas mayamang proseso ng pagtuturo at pagkatuto; at
2. makalikha ng matibay na network ng mga guro, manunulat, mananaliksik, manggagawang pangkultura, at iba pang iskolar na magsusulong ng kapakanan ng wika at panitikang Filipino sa bansa.

Inaasahan na ang mga dadalo sa komperensiyang ito ay mga guro sa Filipino sa elementarya, hayskul at kolehiyo mula sa iba't ibang panig ng bansa; mga mag-aaral sa antas di gradwado at gradwado na nagpapakadalubhasa sa wika o panitikang Filipino o anumang kaugnay na larang; mga manunulat, tagasalin, mananaliksik at iba pang iskolar sa Filipino; at mga tagapamahala at kawani ng mga ahensyang nauugnay sa Filipino.

Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan, maaaring tumawag o makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

- G. Alvin Ringgo C. Reyes, M.A.
  Puno, Komiteng Pangkalihiman at Sekretaryat, HASAAN 3
  Unibersidad ng Santo Tomas (UST) Departamento ng Filipino
  Room 109, Ground Floor, Main Bldg.
  UST España Boulevard, Sampaloc, Manila
  Telepono Blg.: (02) 406-1611 lokal 8428
  Telefax Blg.: (02) 749-9779
  Mobile Phone Blg.: 0915-128-9326
  E-mail Address: alvinringgoreyes@gmail.com

- Asst. Prof. Elenita C. Mendoza, M.A.T.
  Direktor, HASAAN 3
  Mobile Phone Blg.: 0919-425-4036
  E-mail Address: lencarcer@yahoo.com

- G. Ronald Manalastas
  Telepono Blg.: (02) 406-1611 lokal 8236
  E-mail Address: ust_filipino@yahoogroups.com
  Website Address: www.ust.edu.ph

SMA, DA Hasaan 3
1467-July 31, 2012